

Mga Kumperensya sa Pagpapalano ng Kaso ng Pamilya



Ano ang Family Case Planning Conferences (FCPCs)?

Ang FCPCs ay mga pulong kung saan ang mga magulang, social workers, at iba pang mga tagasuporta ay nagbabahagi ng impormasyon, tinatalakay ang mga hamon, at gumagawa ng mga panandaliang plano. Pinangungunahan ito ng isang facilitator na tumutulong sa bawat isa na ibahagi ang kanilang pananaw.



Ano ang mga benepisyo ng mga FCPC?



Maaaring mabilis na mai-schedule



Tugunan ang mga pangunahing isyu sa isang maikling sesyon (1.5–2 oras)



Pagsama-samahin ang mga tao upang pag-usapan ang mga opsyon



Pagbutihin ang komunikasyon sa iyong social worker at sa iba pa



Bawasan ang oras sa korte



Kailan maaaring gamitin ang mga FCPC?




- Anumang oras sa panahon ng isang child welfare matter
- Nakatutulong para sa panandaliang pagpapalano at mabilis na pagtugon sa 1-2 isyu

Magkano ang halaga ng mga FCPC?



- Libre para sa lahat ng kalahok.
- Ang mga karagdagang gastos (halimbawa, pangangalaga sa bata, transportasyon, teknolohiya) ay maaaring sagutin ng iyong social worker.

Paano magsimula ng FCPC?



Maaari mong:

- Sabihin sa iyong social worker na interesado ka sa isang FCPC.
- Humingi ng tulong sa isang tagasuporta o abogado.
- Makipag-ugnayan sa isang Navigator sa Mediate BC sa 1-877-656-1300 ext. 104 o sa navigator@mediatebc.com